Advisory No. 121, s. 2019
February 15, 2019
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

IKA-12 SALINDUNONG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA FILIPINO 2019
NG MINDANAO STATE UNIVERSITY-ILIGAN INSTITUTE OF TECHNOLOGY

Ang Mindanao State University (MSU)-Iligan Institute of Technology ay magdaraos ng Ika-12 Salindunong Pambansang Kumperensiya sa Filipino 2019 na may temang Glokalisasyon at Kalakaran sa Filipino: Kasalukuyang Isyu sa Wika, Panitikan at Pananaliksik na gaganapin simula sa Marso 27 hanggang 29, 2019 sa MSU-Iligan Institute of Technology, Lungsod Iligan.

Ang layunin ng kumperensiya ay:

1. makapagbigay ng mabisang tagpuan upang maitampok at maibahagi ang mga mahahalagang pananaliksik at karanasang ugnay sa glokalisasyon at kalakaran sa Filipino sa pagbalangkas ng mahahalagang proyektong inaasahang tutugon sa mga hamon ng/sa wika, panitikan at pananaliksik; at
2. makapaglaan ng pagkakataong maipaalam ang kinalabasan ng mga pananaliksik tungkol sa iba't ibang paksa.

Ang mga mag-aaral na gradwado at di-gradwado, guro, tagapagsaling-wika at mananaliksik ay inaasahang dadalo sa kumperensiya na ito.

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

Melba B. Ijan
Direktor ng Kumperensiya 2019
Mindanao State University-Iligan Institute of Technology
Andres Bonifacio Avenue, Tibunga, Lungsod Iligan
Telepono: (063) 223-1924 (oras ng opisina lamang)
(063) 221-4050 hanggang 55 lokal 4146
Mobile: 0956-127-6922
Email: melba.ijan@g.msuiit.edu.ph, cass.dflw@g.msuiit.edu.ph